



COMMONWEALTH of VIRGINIA

Executive Department

KAUTUSAN NG GOBERNADOR AT KOMISYONER NG KALUSUGAN NG ESTADO PAGPAPAHAYAG NG EMERGENCY SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN

SAPAGKAT, ang Komisyoner ng Kalusugan ng Estado ay nagpahayag ng banta ng COVID-19 sa pampublikong kalusugan noong Pebrero 7, 2020; at

SAPAGKAT, nagpahayag ang Gobernador ng Virginia na si Ralph S. Northam ng estate of emergency dahil sa COVID-19 noong Marso 12, 2020 sa Ehekutibong Kautusan Blg. 51; at

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay kumakalat mula sa tao patungo sa isa pang tao, na inililipat sa pamamagitan ng mga respiratory droplet, at maaaring maikalat ng taong nahawahan na walang mga sintomas patungo sa isa pang tao; at

SAPAGKAT, walang kasalukuyang bakuna o kilalang pagpipiliang gamot na umiiral sa panahong ito; at

SAPAGKAT, hinahangad ng Commonwealth ng Virginia, na pigilan, kontrolin, at sugpuin ang karagdagang mga impeksiyong COVID-19 at walang kabuluhang mga panganib sa mga mamamayan; at

SAPAGKAT, noong Marso 17, 2020, inanunsiyo ng Gobernador ng Virginia na si Ralph S. Northam ang mga bagong pamamaraan upang labanan ang COVID-19 at tulungan ang mga apektadong mamamayan ng Virginia; at

SAPAGKAT, sa pagsisikap na dagdagan ang social distancing upang mapigilan ang pagkalat ng virus, isinama ng Gobernador ng Virginia na si Ralph S. Northam sa kanyang pahayag na ipinag-utos sa lahat ng mga restawran, fitness center, at teatro na mahalagang bawasan ang kapasidad ng upuan sa 10 paroklyano, o magsara; habang hinihimok na ipagpatuloy ang pagsasagawa at mga opsyon ng susing impormasyon at dapat tandaan; at

SAPAGKAT, ang Komisyoner ng Kalusugan ng Estado ay nagnanais na protektahan ang pampublikong kalusugan ng lahat ng mamamayan ng Virginia sa pamamagitan ng pagdaragdag ng social distancing sa mga restawran tulad ng pinahintulutan ng Department of Health ng Virginia; at

SAPAGKAT, alinsunod sa § 35.1-14 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*, ang Lupon ng Kalusugan ng Estado ("Lupon") ay awtorisado upang bumuo ng mga regulasyon para sa ligtas na operasyon ng mga restawran; at

SAPAGKAT, alinsunod sa §§ 32.1-13 at 35.1-12 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*, ang Komisyoner ng Kalusugan ng Estado, na pansamantalang gumaganap bilang Lupon (Lupon) kung

wala ito sa kapulungan alinsunod sa §§ 32.1-20 at 35.1-3 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*, ay binibigyang-kapangyarihan ng awtoridad upang magsagawa ng hiwalay na mga kautusan upang matugunan ang anumang emergency na hindi inilaan ng pangkalahatang tuntunin para sa layunin ng pagsugpo sa mga kundisyong mapanganib sa pampublikong kalusugan at kumakalat, nakakahawa, at naililipat na mga sakit.

SAPAGKAT, alinsunod sa § 35.1-10, maaaring isagawa ng Komisyoner ng Kalusugan ng Estado ang anumang aksyon na sa palagay niya ay kinakailangan, upang ipag-utos ang agarang pagpapasara ng restawran, upang kontrolin ang pagkalat ng nasusugpong sakit.

NGAYON SAMAKATWID, ibinigay ng Gobernador at Komisyoner ng Estado ng Kalusugan ang kautusang ito na nagdedeklara ng emergency sa pampublikong kalusugan na nagreresulta ng pagkalat ng COVID-19 virus na nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga Mamamayan ng Virginia, at naghihigpit sa bilang ng mga parokyano na nagpapahintulot sa mga restawran nang 10 parokyano o mas mababa upang pigilan ang pagkalat ng virus. Maaaring magdulot ng agarang pagsuspende sa pahintulot ng operasyon kapag nakakita ng 10 o mahigit na parokyano sa isang restawran, fitness center, o teatro alinsunod sa Food Regulations sa 12VAC5-421-3770 (Buod ng Pagsuspende ng Pahintulot.) ng direktor ng kalusugan ng distrito na awtorisado ng Komisyoner sa Kalusugan ng Estado. Karagdagan pa, ang paglabag sa kautusang pang-emergency na inilabas alinsunod sa § 32.1-13 ng *Mga Alituntunin ng Virginia* ay may kaparusahan bilang Class 1 na lubhang maliit na pagkakasala alinsunod sa § 32.1-27 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*, at ang paglabag ng kautusan sa emergency na inilabas alinsunod sa § 35.1-12 ng *Mga Alituntunin ng Virginia* ay may kaparusahan bilang Class 3 na lubhang maliit na pagkakasala alinsunod sa § 35.1-7 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*. Bilang karagdagan, ang Komisyoner ay maaaring humingi ng atas ng hukuman sa sirkitong korte para sa paglabag sa Kautusang ito, alinsunod sa §§ 32.1-27 at 35.1-7 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*.

SAPAGKAT, ang Pahayag na ito ay magkakaroon ng bisa sa Marso 16, 2020, at mananatiling kumpleto at may bisa hanggang sa baguhin o ipawalang-bisa.

Ibinigay sa akin at Tinatakan ng Komisyoner ng Kalusugan ng Estado ng Commonwealth ng Virginia nitong Ika-17 ng Marso 2020.

//Lagda//

Ralph S. Northam, Gobernador

//Lagda//

M. Norman Oliver, MD, MA
Komisyoner ng Kalusugan ng Estado